Grace Notes
Número 23

Dr. Charlie Bing

# Ang Mga Alagad Ba ay Ipinapanganak o Ginagawa?

Ang alagad ba ay isa lamang na pangalan para sa isang Cristianong ipinganak sa pamilya ng Diyos sa pamamagitan ng pananampalataya kay Jesucristo, o ang alagad ba ay isang Cristianong nakatugon sa mga espisipikong kundisyon ng pagsunod kay Jesus? Ang kaalaman ng sagot sa tanong na ito ay mahalaga sa pagkaunawa ng ebanghelyo ng biyaya at Cristianong pamumuhay.

## Ang kahulugan ng alagad

Ang salitang alagad ay mula sa Griyegong pandiwa *matheteuo* na nangangahulugang *maging isang mag-aaral o estudyante*. Kung ganuon ang esensiyal na kahulugan ng alagad ay mag-aaral, na maari ring tawaging tagasunod o aprentis. Sa sinaunang kultura, ang isang tao ay sumusunod sa kaniyang "maestro" upang maging kagaya niya (Mat 10:25; Lukas 6:40). Nanawagan ito ng katapatan sa tagasunod.

## Ang gamit ng alagad

Bagama't ang nakararaming gamit sa Bagong Tipan ay pantukoy sa mga tagasunod ni Jesucristo, ang *alagad* ay hindi pang-Cristianong termino lamang. Ang Biblia ay bumabanggit ng mga alagad ni Moises, mga Pariseo, at ni Juan Bautista. Sa katotohanan, ang Juan 6:66 ay tila ginagamit ang salitang *alagad* na pantukoy mga hindi Cristianong sumusunod kay Jesus nang dahil sa pansariling interes o dahil sa kuryosidad. Sa pangkalahatang gamit na ito, si Judas Iscariote ay tinawag na *alagad* dahil sumunod siya kay Jesus.

Ang aklat ng Gawa ay ginagamit ang terminong *(mga) alagad* na pantukoy sa mga Cristiano bilang isang grupo na walang pag-iiba tungkol sa kanilang katapatan (6:1-2, 7; 11:26; 14:20, 22, 28; 15:10; 19:10). Ito ay dahil si Lukas, ang may-akda, ay naunawaan ang pagiging alagad ayon sa pagkapaliwanag ni Jesus, at ang mga Cristiano sa Gawa ay aktibong sumunusunod kay Jesucristo, maliban sa iilang hindi. Sa liwanag ng dakilang komisyon na "gawing alagad" at ito ay nagtatapos ng panahon ng Ebanghelyo (Mat 28:19-20), natural lamang na tawagin ang mga mananampalataya sa Gawa na *alagad* upang ipakita na ang komisyon ay natutupad. Ang iilang kakaibang suwail na mananampalataya ay binigyan ng kakaibang pansin (cf. Gawa 5:1-11; 8:13ss; 19:10-19).

Hindi kailan man ginamit ng mga Epistula ang salitang *(mga) alagad*. Subalit, ang ideya ay nahayag sa mga utos na gayahin ang mga sakdal na mananampalataya, na ang mga ito mismo ay gumaya kay Jesucristo (1 C0r 4:16; 11:1; Fil 3:17; 1 Tes 1:6; 2 Tes 3:7, 9).

## Ang kundisyon sa pagiging alagad

Kapag mamasdan ang mga sitas tungkol sa pagiging alagad sa Ebanghelyo, nakikita nating ang mga kundisyon sa pagiging Cristianong alagad ay laging ibinibigay sa mga mananampalataya. Upang maging tunay na tagasunod ni Jesucristo, ang mga Cristiano ay kailangang matugunan ang ilang tiyak na kundisyong ibinigay ng Panginoon. Kabilang na dito ang pagsunod sa Kaniyang Salita (Juan 8:31) at pagtakwil sa sariling

GraceNotes são projetados para download e cópia para que possam ser usados no ministério. Nenhuma permissão é necessária se eles forem distribuídos sem edição e sem custo. Se você não tiver um visualizador de PDF, clique aqui para baixar uma versão gratuita.

pagnanasa, kahandaang maghirap sa pagpapakilala sa sarili bilang Kaniya, at aktibong paghanap ng Kaniyang kalooban (Lukas 9:23). Mayroon pang ibang mga kundisyon. Ang lahat ng mga kundisyong ito ay nangangailangan ng katapatan, pagsunod o ilang uri ng sakripisyo mula sa Cristiano. Kung totoo ito, makikita nating ang pagiging alagad ay may karampatang halagang hinihingi sa mananampalataya.

### Ang pagkakaiba ng pagiging alagad

Malinaw na ang pagiging alagad ay iba sa inisyal na kaligtasan ng isang tao, na ang mga alagad ay hindi ipinapanganak kundi ginagawa. Kung ang kaligtasan ay libre (sa biyaya sa pamamagitan ng pananampalataya), ngunit ang pagiging alagad ay may halaga, kung ganuon ang kaligtasan ay iba sa pagiging alagad. Ang tsart ay makatutulong upang makita ang pagkakaiba sa pagitan ng kaligtasan at pagiging alagad:

| KALIGTASAN | PAGIGING ALAGAD |
|---|---|
| Libreng regalo | May halaga |
| Tinanggap sa pamamagitan ng pananampalataya | Natamo sa katapatan at pagsunod |
| Hindi sa mga gawa | Sa mga gawa |
| Isang saglit ng pag-aring matuwid | Habambuhay na sanktipikasyon |
| Binayaran ni Jesus ang halaga | Ang Cristiano ang nagbabayad ng halaga |
| Paglapit kay Jesus bilang Tagapagligtas | Pagsunod kay Jesus bilang Panginoon |
| Manampalataya sa ebanghelyo | Sumunod sa mga utos |

### Pagbubuod

Ang itanong kung ang mga alagad ba ay ipinanganak o ginawa ay ang itanong kung ang pag-aaring matuwid ba ay iba sa sanktipikasyon o kung ang Cristianong kapanganakan ay iba sa Cristianong paglago. Upang manatiling malinaw ang ebanghelyo, hindi natin dapat palabuin ang nag-iisang kundisyon ng walang hanggang kaligtasan (pananampalataya) sa napakaraming kundisyon ng pagiging alagad.

GraceNotes são projetados para download e cópia para que possam ser usados no ministério. Nenhuma permissão é necessária se eles forem distribuídos sem edição e sem custo. Se você não tiver um visualizador de PDF, clique aqui para baixar uma versão gratuita.